



Ika – 22 ng Mayo, 2020

Malayuang Tulong sa Pag-aaral para sa Mga Magulang, ika-8 Isyu

Dibisyon ng Pagsuporta sa Mga Mag-aaral ng Ingles
Kagawaran ng Edukasyon ng California

Isang Liham mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE)

MGA MAGULANG,

Kada linggo ang sulatbalita (newsletter) na ito ay nakatuon sa iba't-ibang tema at nagbibigay ng inpormasyon at tulong sa temang ito.

Sa linggong ito, ang tema o paksa ay kasaysayan (history) at panlipunang agham (social science). Ang pag-aaral ng kasaysayan at panlipunang-agham ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng oportunidad na malaman at maintindihan ang daigdig at kung ano ang lugar nila dito, mag-isip ng kritikal, pumuna, magbasa, magsulat at magbigay-alam ng maliwanag. Ang kasaysayan at panlipunang-agham ay pinapa-unlad at pinalalawak ang kaisipan ng mga bata na ganap nilang maintindihan ang anumang tungkol sa ating mundo, palakasin ang kanilang loob at ang partisipasyon sa demokrasyang gobyerno. Kasali na rito ang pag-aralan ang ating nagdaan, mga paraan ng may kinalaman sa pananalapi at ang mga desisyon na kanilang magagawa. Ang pag-aaral ng mga ito ay isang pagsasanay sa ating mga anak na lumaking aktibo, responsible at mapanuring mamamayan ng ating lipunan.

Mga Bagong Tulong na Makapagbibigay ng Inpormasyon Programa para sa Pandemic Electronic Benefit Transfer (P-EBT)

Ang Kagawaran ng California Social Services (CDSS) ay magpapalabas ng P-EBT, isang benepisyong para sa mga bata na karapat-dapat na makakuha ng libre o pagkaing may-bawas ang presyo, kung sila ay nag-aaral sa mga paaralan na sarado nitong mga limang araw na nagdaan sa panahon ng COVID.

Sa programa na ito ng P-EBT, ang bawat karapat-dapat na bata ay makakatanggap ng \$365 electronic food benefits. Ito ay benepisyong dagdag, hindi sa halip na libre o reduced price meals. Ang mga batang nakatanggap ng P-EBT ay maaari pa ring makakuha ng pagkain sa mga lugar na COVID-19 emergency. Katulad ng programa sa mga pagkain sa paaralan, wala itong mga restriksyon o ipinagbabawal tungkol sa estado ng imigrasyon kaugnay ng P-EBT. Ang mga kawani ng P-EBT ay hindi dapat humingi ng social security information o kopya ng birth certificate. Huwag ninyo silang bibigyan ng mga inpormasyon na ito.

Para sa mga karagdagan pang inpormasyon tungkol sa P-EBT, maaaring basahin ang web page ng CDSS P-EBT <https://www.cdss.ca.gov/home/pandemic-ebt>.

Mga Tulong na Ipinapaalam Kada Linggo

Inpormasyon Tungkol sa Pagkain sa Paaralan: Pagkain ng mga Batang Nag-aaral sa California

Maaari pa ring kunin ng mga magulang ang pagkain ng mga bata sa paaralan sa panahon ng COVID –19 at panahon na sarado ang mga paaralan. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” mobile app para malaman kung saan maaaring kunin o kontakin ang distrito ng paaralan para malaman ang tamang lugar. Ang ibang distrito ay nagbibigay ng pagkain at inihahatid sa mga bahay. Alamin kung ang paaralan ninyo ay mayroong ganitong opsyon.

CDE News Release: CA Meals for Kids App Update. News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

Pagkuha ng Internet

Kung wala kayong internet sa bahay, mayroong mga kompanya na nagbibigay ng kanilang serbisyo sa mga nangangailangan. Maaaring kontakin ang mga kompanyang ito na nakalista sa link sa ibaba na nasa CDE web page para mapag-usapan ang mga detalye.

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

Mga Tulong sa Pag-aaral sa Sariling Tahanan

Sa ibaba ay mga rekomendadong tulong na maaaring gamitin sa bahay sa inyong mga anak o maaari din namang gamitin nila para sa kanilang sarili.

Mga Tulong sa Kasaysayan at Panlipunang Agham

IXL Araling Panlipunan

Ang IXL na Araling Panlipunan ay nagbibigay ng mga gawain sa mga mag-aaral sa mga gradong 2-12 sa larangan ng heograpiya, pangkabuhayan, kultura, sibiko, kasaysayan ng Amerika, kasaysayan ng daigdig at araling pangbuong-daigdig. Ang IXL ay sumusuporta sa tagumpay ng mga mag-aaral na bigyan sila ng oportunidad na galugarin (explore) ang daigdig sa pamamagitan ng pangunahing simula at pagguhit ng mga koneksyon sa mga makasaysayang pangyayari at sa ating mundo ngayon.

<https://bit.ly/IXLSocialStudies>

Kasaysayan para sa mga Bata

Ang network na ito na tungkol sa maraming kasaysayan ay libre at makatawag-pansin at pwedeng salihan ng mga magulang.. Ito ay mayroon ding mga artikulo, laro, tanong, pagsubok at bidyo. Magugustuhan ito ng mga bata at iba pa. lalo na kung gusto nilang tuklasin ang maraming bagay tungkol sa Gresya , Gitnang Silangan, Roma, Asya, Tsina at iba pa.

<https://www.historyforkids.net>

Araling Panlipunan para sa mga Bata

Maaaring pumili sa maraming mga masisiglang paksa tungkol sa Estados Unidos, Heograpiya, Kultura, Laro, Palakasan at marami pang iba.

<https://www.socialstudiesforkids.com/index.html>

Mga Nakakaaliw na Smithsonian para sa mga Bata at Teen-Ager

Maraming mga aktibong gawain na nakakaaliw ang ibinigay ng Smithsonian na may kinalaman sa sining, kasaysayan, at kultura. Kasali sa mga tulong na ito ay ang mga pagbuo ng mga senaryo ng mga bata na hindi kailangan ang.

<https://www.si.edu/kids>

Ang Birtwal na Paglalakbay sa Museo at Mga

Makasaysayang Lugar

Kahit na hindi makapaglakbay ang sinuman sa panahon ngayon, ay maaari pa rin ang birtwal na paglalakbay sa isa sa mga museo at lugar na makasaysayan mula sa inyong tahanan.

Boston Children's Museum

<https://www.bostonchildrensmuseum.org/museum-virtual-tour>

Smithsonian Museum of Natural History

<https://naturalhistory.si.edu/visit/virtual-tour>

California Missions

<https://californiamissionsfoundation.org/virtual-tour>

Library of Congress

<https://www.loc.gov/visit/online-tours>

Social Media at Email

Para laging alam ang mga bagong lumalabas na mga tulong at inpormasyon, sundan ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](#).

Para magsubscribe sa English Learner Updates Listserv, magpadala lang ng blankong email sa join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov.